# Ang Liham ng Pag-Ibig mula kay Jesus

Pinakamamahal kita. Pinakatangi-tangi at pinakamahalaga ka sa Akin. Iniisip kita sa bawat sandali at mayroon Akong kahanga-hangang mga panukala para sa iyo. Ang mga saloobin at mga plano na mayroon Ako para sa iyo ay upang bigyan ka nang isang magandang kinabukasan at pag-asa na higit pa sa maaari mong hingiin o kahit na isipin. (Juan 1:1-4, 14; 3:16, 17; Jeremias 29:11; Awit 103:1-18; Efeso 3:20; Isaias 55:8, 9).

Ikaw ay Aking anak. Ikaw ay sa Akin sapagkat hindi lamang kita nilikha, tinubos din kita noong namatay Ako sa krus para sa lahat ng kasalanan ng sanlibutan. (Awit 139:13; Juan 3:16,17; Colosas 1:12-16; Galacia 3:10-13; 1 Juan 2:2; 1 Pedro 1:18,19)

## Hindi Binibilang Ng Dios Ang Iyong Kasalanan Laban Sa'yo

Sa pamamagitan ng Aking ganap na buhay at kamatayan, ikaw ay naipagkasundo sa Dios. Hindi mahalaga kung sino ka o kung ano ang nagawa mo, hindi ibinibilang ng Dios ang iyong kasalanan laban sa'yo. Ikaw ay malayang lumapit sa Kanya ano man ang kalagayan mo ngayon at maipagkasundo sa Kanya. (2 Corinto 5:19-21; Roma 12:1)

Sasabihin Ko sa'yo ang parehong salita na sinabi Ko sa isang babae na nagkasala nang pangangalunya. "Hindi kita hinahatulan! Umalis ka na at huwag nang magkasala pang muli." Malaya mong maranasan ang Aking lubos na pag-ibig para sa'yo at talikdan ang iyong buhay ng kasalanan at pasakit. (Juan 8:11; Roma 2:4, 5:18; 6:14-16; 8:1)

Kapag tumawag ka sa Akin, Ako'y tutugon. Kapag humingi ka sa Akin ng buong puso mo, ay matatagpuan mo Ako, 'pagkat Ako'y sabik na mahanap mo. Kung papahintulutan mo Ako, Ako ay titira na kasama ka. (Jeremias 29:12, 13; Mateo 11:28-30; Juan 14:23; Apocalipsis 3:20)

## Nagpapahilom Nang Bagbag Na Loob At Pagpapalaya Sa Mga Tao

Iniibig kita ng isang walang hanggang pag-ibig! Walang maaaring makapagbabago niyon. Kapag nasasaktan ka, nasasaktan din Ako na kasama ka, tulad ng isang magulang na nagdurusa kapag ang kanilang anak ay nasasaktan. (Jeremias 31:3; Roma 8:31-39; Mateo 23:37-39; 25:34-45; Oseas 11:1-8)

Ang lahat nang hapdi at paghihirap ng tao ay sukdulang resulta ng pagpili nila Adan at Eva na matutunan ang tungkol sa kasamaan. Nang nagkasala sila, agad Akong pumagitna upang maging Tagapagligtas ng sanlibutan. (Genesis 2:15-17; 3; Apocalipsis 13:8; Roma 5:12-18; Isaias 53:4-6; Juan 1:29; 4:42; 2 Timoteo 1:9; 1 Juan 2:2)

Sa pamamagitan ng Aking ganap na buhay at kamatayan, nagawa Kong palayain ang lahi ng tao mula sa kaharian ng kadiliman at maging karapat-dapat sila para sa buhay na walang hanggan. Bilang bunga, ang lahat ng tao ngayon ay malayang makapipili na manirahan na kasama Ko ngayon at magpakailanman o patuloy na humawak pababa papunta sa kasalanan at kasamaan. (Colosas 1:12-14; Roma 5:18; 2 Corinto 5:14-21; 1 Juan 5:10, 11; Juan 1:9-13; 3:16-20)

Noong Ako ay nasa lupa, ang Aking misyon ay ibahagi ang mabuting balita sa mahihirap, pagalingin ang may bagbag na loob, at palayain ang mga tao mula sa pagiging alipin ng kasalanan. Nagsabi si Satanas ng maraming mga kasinungalingan tungkol sa Akin upang akayin ang mga tao na tanggihan Ako. Naglalayon siyang magnakaw, pumatay, at manira ng marami hangga't makakaya niya. Dumating Ako upang maranasan ng lahat ang isang masaganang buhay na sa simula pa ay nilayon Ko na para sa lahi ng tao. (Lucas 4:18; Apokalipsis 12:7-9; 1 Pedro 5:8; Juan 8:31-36, 44; 10:10)

## Ikaw Ay Inaanyayahan, Mangyaring Lumapit Ka

Inaanyayahan Kita na lumapit sa Akin ano man ang iyong kalagayan ngayon. Tatanggapin kita sa lahat ng iyong dinaramdam at kabiguan. Sa katunayan, ang kaharian ng langit ay para sa mga taong "dukha sa espiritu," ang mga taong kinikilala ang kanilang pagiging wasak at nangangailangan para sa Akin bilang kanilang Tagapagligtas. (Mateo 11:28-30; 5:3; Roma 12:1; Awit 51:17)

Kapag inanyayahan mo Ako upang maging iyong Tagapagligtas at Panginoon, ikaw ay "muling ipinanganak." Ang Banal na Espiritu ang magdadala sa iyo sa lahat ng katotohanan at ang katotohanan ang magpapalaya sa'yo. Habang pinapalitan mo ang mga kasinungalingan ni Satanas sa pamamagitan ng katotohanan mula sa Biblia, ang iyong buhay ay magbabago. Makararanas ka ng kalayaan mula sa takot, pagkakasala, at kahihiyan. (Juan 1:12, 13; 3:5,6; 8:31-36; 16:13; Roma 12:2; 2 Corinto 3:18; 2 Timoteo 1:7; 1 Juan 1:9; 3:1; 4:18)

Matutuklasan mo ang bagong kahulugan at layunin sa buhay habang ibinabahagi mo ang iyong kasaysayan sa iba at mag-imbita sa kanila na maranasan ang Aking pag-ibig at maipagkasundo sa Diyos. (Marcos 4:20; 5:19, 20; Apokalipsis 12:11; 2 Corinto 5:19, 20; Mateo 28:18-20)

## Ang Pag-ibig Ay Laging Nagbibigay Laya

Hindi kita pinipilit na tanggapin ang katotohanan o mga pagpapala na pinanabikan Kong ibigay sa'yo. Kung hindi mo ibig ang mga ito, hahayaan kitang tahakin ang landas na pinili mo, kahit na dalhin ka sa labis na sakit at pighati. Gayunpaman, Ako ay maghihintay sa pagtawag mo nang tulong. Kapag ginawa mo, titiyakin Kong muli sa'yo ang Aking pagpapatawad at tutulungan kang maranasan ang pagpapagaling mula sa bagbag na loob na sanhi ng iyong mga makasalanang pagpili. (Kawikaan 14:12; Mateo 7:13, 14; Santiago 1:14, 15; Roma 1:18-28; 1 Juan 1:9; Awit 107; Apokalipsis 3:19, 20; Hebreo 12:5-11)

Kung patuloy mong pipiliing humawak sa kasalanan, malaon na kamumuhian mo Ako at hindi nanaisin na lumapit sa Aking harapan. Sa katunayan, ikaw ay darating sa punto na mas gugustuhin mong mamatay kaysa sa mabuhay na kasama Ko magpakailanman. Mula sa Aking pag-ibig, Aking igagalang ang iyong pagpili at ikaw ay mapapahamak sa huli. (Juan 3:16-20; Apokalipsis 6:14-16; 20:7-15; 1 Corinto 15:26; Roma 6:23)

## Damhin Ang Pag-ibig, Kaligayahan, At Kapayapaan Na Matagal Nang Nasa Ng Iyong Puso

Ngunit kung hangad mong maging Tagapagligtas Ako, hindi ka mabibigo. Makararanas ka ng pag-ibig na nagsasantabi ng takot, kapayapaan na madaling maunawaan, at kagalakan na walang sinuman ang makakakuha sa'yo. (1 Juan 4:17-19; Filipos 4:6, 7; Juan 16:22)

Kapag ikaw ay natutukso upang bigyang kasiyahan ang iyong mga pananabik na makasasama sa katawan, Ako ay magbibigay sa'yo ng lakas na magkaroon ng pagpipigil sa sarili at ipaalala sa'yo na ang mga pagpapalang ibibigay Ko ay tunay na kalugud-lugod. (1 Juan 2:15, 16; Galacia 5:23; Juan 4:14; Filipos 4:4-19)

Ako ay magbibigay sa'yo ng lakas upang maging mapagpahinuhod sa iba habang sila ay lumalago at babaguhin kita nang sa gayon ang kabutihan, kahabagan, at kapatawaran ang dadaloy mula sa loob mo. (Galacia 5:22; Juan 7:37-39; Roma 12:2; Efeso 4:32)

## Pagkatiwalaan Mo Ako Na Humarap Sa Iyong Mga Kaaway

Kapag ikaw ay pinagmalupitan, pinag-alinlanganan, o pinagsamantalahan, ang iyong natural na hangad ay ang maghiganti. Sa halip ay piliin mo na payagan Ako na disiplinahin ang mga taong nananakit sa'yo. Habang ginagawa ito, Ako rin ay magtatangkang abutin ang kanilang mga puso. Sa katagalan, ang pinakamahusay na paraan upang makipag-ugnayan sa iyong mga kaaway ay ibigin sila. Maaaring magpakumbaba sila ng kanilang mga puso at maging iyong kaibigan o susubukan nilang iwasan ka dahil nahihiya sila sa'yo. Nung Ako ay pinagmalupitan at ipinako sa krus, nanalangin Ako, "Ama, patawarin mo sila, sapagkat hindi nila alam kung ano ang kanilang ginagawa." (Roma 12:17-21; Hebreo 12:5-11; Lucas 4:18; 6:27-38; 23:34; Gawa 2:36-42)

## Tumingin Sa Likod Ng Mga Kamalian At Tingnan Ang Pangangailangan

Sa halip na maghiganti, piliing maging mabait sa mga tao. Tingnan ang nasa likod ng kanilang mga kamalian, unawain ang kanilang mga pangangailangan, at pangalagaan sila sa malusog na mga paraan, habang pinapanatili ang tamang mga hangganan. Huwag matakot na magsabi ng katotohanan, ngunit gawin itong palaging nasa pag-ibig. Alam Kong ang lahat ng ito ay nangangailan nang isang himala, 'pagkat ikaw ay walang magagawang kahit anong mabuti bukod sa Akin. Ang iyong bahagi ay piliin na umibig; ang Banal na Espiritu ay gagawa ng mga himala sa loob mo. (Roma 12; Efeso 4:14-16; Juan 15:4, 5, 12; Galacia 5:13-25)

Habang nararanasan mo ang Aking ganap na pag-ibig, ikaw ay lalago sa kapanahunan at matututo na ibigin ang iba gaya nang pag-ibig Ko sa'yo. Ang mga tao ay lalapit sa Akin sa pamamagitan ng liwanag na kumikinang mula sa iyong buhay. (Juan 13:34, 35; 12:32; 15:12; Mateo 5:16)

## Dadalhin Ko Sa Isang Katapusan Ang Lahat Nang Kasalanan At Kamatayan

Hindi magtatagal darating ang araw na Ako ay muling babalik sa lupa at dadalhin sa langit ang lahat ng nais na manirahan na kasama Ko magpakailanman. Ang lahat ng mga "nakatulog sa mga libingan" na nagtitiwala sa Akin ay mabubuhay na mag-uli na may bagung-bagong katawan. (Juan 14:1-3; 2 Timoteo 4:8; 1 Tesalonica 4:13-18; 1 Corinto 15:51-54)


Ako ay nasasabik sa araw kung kailan tayong muli ay magkasama nang harapan. Matapos na ang lahat ng kasalanan ay nawasak at ang lupa ay nalinis sa pamamagitan ng apoy, Ako ay gagawa nang isang bagong langit at isang bagong lupa. Ang lahat ng mga luha ay papahirin at wala ng pighati, pag-iyak, kalungkutan, o kamatayan. (Juan 14:1-3; 2 Pedro 3:10-13; 1 Corinto 15:26; Apocalipsis 20:14:1-3; 21:1-4)

Hanggang sa mangyari iyon, magtiwala ka sa Akin! Ako na ang bahala sa'yo, sapagkat iniibig kita ng buong puso Ko. (Mateo 6:33; Filipos 4:19; 1 Pedro 5:7; Roma 6:5-10; 8:31, 32)

Umiibig Palagi,
Ang iyong Tagapaglikha, Tagapagligtas, at Kaibigan,

*Jesus*

# SIGNS OF THE TIMES



# *Ang Liham ng Pag-Ibig mula kay Jesus*

Isinalin ni Ryan J. Martinez